

Muling Pagbubukas ng Iyong Negosyo at Pagpapasok ng Mga Empleyado

Ang Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Trabaho (EDD) ng mahalagang mga programa, mapagkukunan, at serbisyong walang gastos para matulungan kang muling buksan ang iyong negosyo.

Magpatala sa Programa sa Pagbabahagi ng Trabaho

Available ang [Work Sharing Program](#) sa sinumang employer na may pagbawas sa produksyon, mga serbisyo, o iba pang kondisyong maaaring humantong kang humingi ng alternatibo sa pagtanggap sa trabaho. Maaari itong magbigay ng bahagyang mga benepisyo sa kawalan ng trabaho bilang pandagdag para sa nabawasang oras ng trabaho - na tutulong sa iyong maiwasan ang gastos ng pagpapasok at pagsasanay sa ibang pagkakataon habang bumubuti ang mga kundisyon sa negosyo.

Kung iyong pinagpahinga o tinanggal ang mga manggagawa sa panahon ng pandemya, ang programa sa Work Sharing ay makakatulong sa iyong ibalik ang mga empleyado na magtrabaho sa mas maikling oras. Maaaring magpatuloy ang mga empleyadong ito sa pagkolekta ng karagdagang \$300 kada linggo sa mga pederal na benepisyo sa kawalan ng trabaho, pati na rin magkaroon ng bahagi ng kanilang mga sahod na tinustusan ng kanilang regular na mga benepisyo sa kawalan ng trabaho. Sinasakop ng pamahalaang pederal ang 100% gastos ng mga benepisyo sa Pagbabahagi ng Trabaho.

Kamakailan lang na-automate ng EDD ang aplikasyon ng Work Sharing at lingguhang proseso ng sertipikasyon, para gawing mas mabilis at madali para sa mga employer at manggagawang mapakinabangan ang mahalagang programang ito.

Punan ang Iyong Mga Bakanteng Trabaho

Ang [CalJOBSSM](#) ay walang gastos na sistema ng palitan ng paggawang nagbibigay sa iyo ng madaliang access sa pinakamalaking pool ng mga naghahanap ng trabaho sa estado, 24 oras kada araw, pitong araw kada linggo. Sa Cal- JOBS, maaari kang:

- Magpaskil ng walang limitasyong mga bakanteng trabaho.
- Gamitin ang 24 oras na virtual na recruiter para makahanap ng mga kuwalipikadong kandidato.
- Makipag-ugnay sa mga potensyal na kandidato.

Makipag-ugnay sa Iyong Lokal na America's Job Center of California.

Ang [America's Job Center of CaliforniaSM](#) ay ang iyong madaling one-stop na access sa mga serbisyong nauugnay sa pagtatrabaho ng estado. Matutulungan ka ng mga tauhan ng AJCC na matugunan ang mga pangangailangan ng iyong puwersa ng manggagawa sa pamamagitan ng pag-aalok ng:

- Nakatuong mga kampanya sa pangangalap para sa iyong negosyo.
- Mga pasilidad at serbisyo sa pagtatalaga para salain at interbiyuhin ang mga aplikante.
- Ipagpatuloy ang mga paghahanap para maitugma sa iyong mga bakanteng trabaho.
- Tulong sa mga job fair para maitugma sa virtual o in-person na availability.
- Mga mapagkukunan para matugunan ang iyong mga pangangailangan sa pagsasanay, kabilang ang on-the-job na tulong sa pagsasaauli ng bayad at iba pang mga subsidiyo.
- Mga seminar sa mga paksang tulad ng mga kondisyon sa merkado ng paggawa, batas sa paggawa, mga isyu sa tauhan, buwis sa payroll, Seguro sa Kawalan ng Trabaho, Seguro sa Kapansanan, at marami pa.

Bisitahin ang aming [Office Locator](#) para sa halos 200 AJCC na lokasyon sa buong estado.

I-access ang Impormasyon ng Merkado ng Paggawa

Available ang [State and local labor market data](#) at impormasyon para matulungan kang planuhin ang pagpapalawak ng iyong negosyo, paglilipat, at mga kinakailangan sa pagpapasok ng trabaho at pagsasanay sa hinaharap. Kasama sa libu-libong napapanahong estadistika ang data ng pasahod at suweldo, mga kalakaran sa trabaho, demograpikong impormasyon, estadistika ng trabaho, at marami pa. Bisitahin ang [CalJOBS](#) para makahanap ng listahan ng mga serbisyo sa merkado ng paggawa. Para humiling ng mga pasadyang serbisyo, data, o para sa higit pang impormasyon tungkol sa inaalok namin, makipag-ugnay sa iyong [local Labor Market Consultant \(PDF\)](#).

Muling Pagbubukas ng Iyong Negosyo at Pagpapasok ng Mga Empleyado

Ang Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Trabaho (EDD) ng mahalagang mga programa, mapagkukunan, at serbisyong walang gastos para matulungan kang muling buksan ang iyong negosyo.

Samantalahin ang Iba Pang Mapagkukunan

MGA CREDIT SA BUWIS NA

Maaring gamitin ang [Tax credits](#) para sa mga employer na nagpapasok ng mga indibiduwal mula sa ilang partikular na target na pangkat na nakakaranas ng mga hadlang sa trabaho.

BONDING NG KATAPAN

Nagbibigay ang [Fidelity Bonding Program](#) ng mga pansegurong serbisyo para matulungang maibsan ang alalahanin ng mga employer sa pagpapasok ng mga dating nagkasala at riskong mga aplikante sa trabaho. Ibinibigay ang aming pansegurong programa nang walang gastos sa mga employer, empleyado, at naghahanap ng trabaho sa mga AJCC sa buong estado.

MAGTANONG SA EDD

Nagbibigay ang [Ask EDD](#) ng maginhawang pagpipilian online para maiulat ng mga employer ang mga empleyadong maaaring tumanggi sa naaangkop na alok na trabaho. Ang pagsagawa nito nang walang magandang dahilan ay maaaring makaapekto sa pagiging karapat-dapat ng manggagawa para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho. Maaaring matuto nang higit pa ang mga employer sa pamamagitan ng [YouTube video](#) tungkol sa proseso ng pag-uulat ng Magtanong sa EDD.

MGA KONSEHO NG PAYO NG LOKAL NA EMPLOYER

Mga independiyente at organisasyong non-profit ang [Local Employer Advisory Councils](#), na nakikipagtulungan sa EDD para mapabuti ang kalidad ng mga serbisyo sa pagtatrabaho sa California. Dumalo sa mga seminar at kumperensiya para manatiling nangunguna sa batas ng paggawa, mga isyu sa tauhan, at mga diskarte sa lugar ng trabaho. Alamin kung paano makatipid sa oras at salapi at makakuha ng pagkakataong makipag-network sa ibang mga employer.

CAL/OSHA COVID-19

Ang [Cal/OSHA COVID-19 Guidance and Resources](#) ay maaaring makatulong na mapanatiling naka-update ka sa kung paano protektahan ang iyong mga manggagawa at lugar ng trabaho mo sa panahon ng COVID-19 na pandemya.

Bisitahin ang [Employers: Reopening Your Business and Hiring Employees](#) para sa higit pang impormasyon sa available na mga programa at serbisyo.